

Maalab na Pagsunod

(Pambungad na Panalangin, pahina ii)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Jer 38:4-6, 8-10)

Mga Pinuno at ang Hari

⁴NOONG mga araw na iyon, sinabi ng mga pinuno sa hari, “Kamahalan, dapat ipapatay si Jeremias. Sa kasalita niya ay matatakot tuloy ang mga kawal pati ang mga mamamayan. Hindi nakatutulong sa bayan ang taong iyan; manapa’y ibig niyang mapahamak tayong lahat.”

⁵Kaya’t sinabi ni haring Sedequias, “Kung gayon, gawin ninyo sa kanya ang ibig ninyo; hindi ko kayo mapipigil.”

Mga Pinuno at si Jeremias

⁶Dinakip nila si Jeremias at dinala sa may balon ni Prinsipe Malquias, sa himpilan ng mga bantay. Matapos talian ng lubid, inihugos nila si Jeremias sa balon. Hindi tubig kundi burak ang laman ng balon, kaya lumubog siya sa putik.

Ebed-melec at ang Hari

⁸Pumunta roon si Ebed-melec at sinabi sa hari, ⁹“Kamahalan, masama ang ginawa ng mga pinuno; inihulog nila sa balon si Jeremias. Maaaring mamatay siya sa gutom pagkat wala nang pagkain sa lunsod.” ¹⁰Iniuutos ng hari na magsama si Ebed-melec ng tatlong lalaki at pagtulung-tulungan nilang iahon sa balon si Jeremias at baka mamatay.

Tema: Ang Pagdakip at Pagligtas kay Jeremias

PAGNINILAY

Halimbawa ito ng isang propetang hindi



tinanggap ng kanyang mga kababayan. Bakit? Takot sila sa mga babala nito.

Gagawa ang Diyos ng paraan. Katulad ng pagpapadala niya kay Ebed-melec at niligtas si Jeremias

SALMONG TUGUNAN (Slm 39)

ANG PAGTULONG MO SA AMIN, PANGINOON NGAYO’Y GAWAIN.

IKALAWANG PAGBASA (Heb 12:1-4)

¹YAMANG naliligid tayo ng **makapal na saksi**, iwaksi natin ang kasalanan, at ang anumang balakid na pumipigil sa atin, at tayo’y buong tiyagang magpatuloy sa takbuhing nasa ating harapan. ²Ituon natin ang ating paningin kay Hesus na siyang pinagmulan ng ating pananampalataya, at siya ring nagpapasakdal nito. Dahil sa kagalakang naghihintay sa kanya, hindi niya ikinahiya ang mamatay sa krus, at siya ngayo’y nakaluklok sa kanan ng trono ng Diyos.

³Isip-isipin ninyo kung gaano ang tiniis niyang paglaban ng mga makasalanan upang

hindi kayo manlupaypay o panghinaan ng loob.
⁴Hindi pa humahantong sa pagdanak ng inyong dugo ang pakikitunggali ninyo sa kasalanan.

Tema: Saksi sa Paghihirap ni Hesus

PAGPAPALIWANAG/PAGNINILAY

Maraming saksi sa pananampalataya (b. 1) kaya kelangan nating maging matibay, habang pokus tayo sa ating pagsunod kay Kristo (b. 2).

Nagsasaad ang Pagbasa na kung talagang tapat tayo, si Hesus mismo ang magbigay lakas at magpupuno ng lahat nating pagkukulang. (Mabuting lider!).

MABUTING BALITA (Lc 12: 49-53)

Ang Maalab na Misyon ni Hesus

⁴⁹NOONG panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: “Naparito ako upang magdala ng apoy sa lupa - at sana’y napagningas na ito! ⁵⁰May isang binyag pa na dapat kong tanggapin, at nababagabag ako hangga’t hindi natututupad ito!

Ang Tanong ni Hesus at ang Sagot

⁵¹Akala ba ninyo’y pumarito ako upang magdala ng kapayapaan sa lupa? Sinasabi ko sa inyo: hindi kapayapaan kundi **pagkakabaha-bahagi**.

Ang Resulta: Pagtunggali

⁵²Mula ngayon, ang limang katao sa isang sambahayan ay mababahagi: tatlo laban sa dalawa at dalawa laban sa tatlo.

⁵³Maglalaban-laban ang ama at ang anak na lalaki, Ang ina at ang anak na babae, At gayon din ang biyenang babae, at manugang na babae.”

Tema: Pagkabaha-bahagi

PAGPAPALIWANAG/PAGNINILAY

• Ang bautismo rito ay hindi ang baustismo

ni Juan kundi pagdanak ng dugo, paghihirap at kamatayan na siyang magkukompleto ng misyon ni Hesus.

- Kapag sumunod tayo kay Hesus, hindi nanganghulugang lahat ay madali na lang. Dito sa lupa hinaharap natin ang lahat na kahirapan at mga balakid. Ngunit binigyan tayo ni Hesus ng Espiritu Santo upang maging magaan at tinuruan tayo kung paano harapin ang mga ito sa araw-araw na pamumuhay.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay nagsasaad ng paghihirap ni Jeremias.

Hinahamon tayong mga Kristiyanong iwasan ang kasalanan at labanan ang mga epekto nito (Ikalawang Pagbasa).

Ang Ebanghelyo ay nagpapamulat sa atin ng misyon ni Hesus sa lupa— ang pagpapalaganap ng maalab na pagsunod kay Hesus. Hindi lang lahat rosas ang dinadaanang isang Kristiyanong. At wala tayong karapatang tanggihan ang hiling ni Hesus.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Paano mo isinabuhay sa iyong parokya ang binyag na dulot ni Hesus?

2. Ibahagi ang mga pagkakataong nagkaroon ng *misunderstanding* sa inyong pamilya dahil sa mga paniniwala mo kay Hesus.

(Pangwakas na Panalangin, pahina ii)

Pagpapaliwanag: **Br. Hansel B. Mapayo, SSP**